

Taon XXXIX Blg. 5 Marso 7, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Paglagablabin ang pakikibakang bayan para patalsikin ang rehimeng Arroyo

Sukdulan na ang galit at pagtatakwil ng mamamayang Pilipino sa rehimeng US-Arroyo. Punungpuno na sila't nagngingitngit sa patung-patong nang mga kaso ng korapsyon at pagsisinungaling ng

rehimeng Arroyo at sa labis na pagpapahirap at pang-aapi nito sa kanila.

Bumibilis ang kumpas at paglawak ng kilusang protesta sa buong bansa. Simula sa mga papalaking rali na inilunsad sa Makati nitong Pebrero 15 at 29, araw-araw na lumalawak sa pambansang kabisera at sa iba't ibang bahagi ng bansa ang pagbubuhos ng kolektibong galit ng mamamayan. Ang mga iyo'y tanda ng mariing pagtatakwil ng sambayanang Pilipino sa rehimeng US-Arroyo at kahandaan nilang bagtasin ang landas ng militanteng pagkilos para wakasan ang kinamumuhian nilang rehimen.

Habang bumubulwak ang kilusang protesta sa buong bansa, dumarami pa ang lumilitaw na mga kabulukan, kasingungalingan at kalupitan ng naghaharing rehimen. Bukod sa pagkakabunyag ng anomalya sa proyektong NBN-ZTE, nalantad rin kamakailan ang antinasyunal na kasunduang pinasok ng rehimen na pagpapaubaya sa China ng eksplorasyon ng langis sa Spratlys Islands kapalit ng bilyong mga pau-

tang. Bago ito, nalantad na ang patung-patong nang kaso ng korapsyon, kabilang ang mga kinulimbat ng pamilyang Arroyo mula sa proyektong IMPSA-Caliraya, Macapagal Boulevard at marami pang iba.



Mga tampok sa isyung ito...

Bumubwelong mga protesta PAHINA 3

Nagkukumahog si Arroyo PAHINA 4 Ambus sa Samar at Davao, reyd sa Negros PAHINA 7

Di na matiis ng mamamayan ang tumitinding kahirapan at paghihikahos. Malinaw sa kanila na ang papalalang kahirapan ay tuwirang idinudulot ng korapsyon ng rehimeng Arroyo. Ang ibayong pagbagsak ng kabuhayan ng malawak na masa ng sambayanan ay di na mapagtakpan ng mga pekeng estadistika at pagpapalabas ng rehimen na umuunlad ang ekonomya. Lalong nagiging malinaw ang kaugnayan ng dagdag na paghihirap at kaapihan ng mamamayan sa naglalabasan ngayong mga baho at kabulukan ng rehimen.

Pilit na itinatago ng rehimen ang mga karumal-dumal na krimen nito sa pamamagitan ng kabi-kabilang pagbabaluktot ng batas, paglulubid ng mga kasinungalingan, panunupil sa masmidya, at iba't iba pang maruruming maniobra at pasistang pamamaraan. Sa kabila nito, pursigidong-pursigido ang iba't ibang sektor—mga organisasyong masa, masmidya, mga taong-simbahan, negosyante, abugado—na ungkatin at ilantad ang katotohanan tungkol sa mga katiwalian at kabulukan.

Sa desperasyong makapangunyapit sa poder, pinag-iibayo ng re-



himen ang panunupil at pamamasista sa mga lumalaban dito at naghahangad na mapabagsak ito. Kabi-kabila ang pagsasagawa ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot at iba pang anyo ng pandarahas sa mga aktibista, mga kritikal na taong-midya at iba pang mahigpit na bumabatikos sa rehimen. Maging ang mga rali at iba pang ligal at mapayapang anyo ng protesta ay hinaharang at dinadahas.

Ngunit sa kabila ng lahat ng pandarahas ng rehimen, hindi na mapipigilan ang marubdob na galit at paglaban ng lumalaking bilang ng mamamayan. Mabilis na umaapoy ngayon ang kilusang protesta sa buong bansa. Dumadalas at palaki nang palaki ang mga rali at la-

long lumalawak ang hanay ng mga nananawagang ibagsak na ang rehimen.

Panghawakan ang nag-iinit nang mga protesta at paglaban sa rehimeng Arroyo. Abutin ang lahat ng sulok ng bansa at lahat ng sektor ng sambayanan. Sagpangin ang lahat ng oras at pagkakataon para mapaq-ibayo ang pagmumulat at pag-oorganisa sa kanila. Ipakita ang mahigpit na ugnayan ng mga nagbabagang isyu ng kabulukan at panunupil ng rehimen sa dinaranas ng mamamayan na mga kahirapan at kaapihan sa araw-araw. Puspusang manawagan ng pag-iibayo ng iba't ibang paraan ng paglaban sa rehimen. Pagsabayin at pabweluhin kapwa ang mga hayag na paglaban at ang armadong pakikibaka sa rehimen.

Hinoq na ang kundisyon para ilunsad ang isang bago, malawak at militanteng people power laban sa rehimeng Arroyo. Bigyan ito ng panibagong sigla mula sa mga aral na nahalaw sa karanasan ng mga nakaraang pag-aalsang bayan. Gawing higit na makasaysayan ito sa pamamagitan ng pag-iibayo rito ng organisadong lakas laluna ng pinakamahirap at pinakaaping mga sektor at pagpapaalab ng pambansa at demokratikong pakikibaka ng mamamayan. Ubos-kaya at walang pagod na isulong ang lahat ng pagkilos para sa qayong layunin hanggang sa kumalat ang lagablab ng mga pakikibakang bayan sa buong bansa.

## ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 5 Marso 7, 2008

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:

anabayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	
Paglagablabin ang pakikibakang bayan para patalsikin ang rehimen	1
Bumubwelong mga protesta	3
Nagkukumahog si Arroyo	4
Suhulan sa ZTE, lalong nalalantad	6
<b>Matatagumpay na TO</b> Ambus sa Davao at Samar,	
reyd sa Negros	7
Misengkwentro ng AFP sa Bikol	8
Kaso sa Sulu, isasampa sa UN	8
Balita	9

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Bumubwelo ang mga protesta laban sa rehimeng Arroyo

Bumubwelo ang kilusan para sa pagpapatalsik kay Gloria Arroyo. Sunud-sunod na mga pagkilos at pagtitipon ang idinaos ng iba't ibang sektor at grupo matapos ang matagumpay na rali noong Pebrero 15 sa Makati. Ibayong lumalawak ang alyansang kontra-Arroyo at lalong nagiging militante ang kanilang mga pagkilos at pahayag.

Makabuluhan ang partisipasyon ng kabataan, laluna ng mga estudyante ng iba't ibang mga paaralan sa Metro Manila. Sa pinakahuling sarbey ng Pulse Asia, tatlo sa apat na residente ng Metro Manila ay naniniwala kay Jun Lozada at 76% ang nagpahayag ng kawalang tiwala kay Arroyo at mga punong alipures niya. Sinasang-ayunan ng 69% ng mga residente ang mga aksyong protesta para sa pagtatanggal ng lahat ng namumunong upisyal ng gubyernong sangkot sa anomalya ng NBN-ZTE at sangkapat sa kanila ang handang sumama sa mga rali para patalsikin na sa pwesto si Arroyo.

### Malaking demonstrasyon sa Makati

Mahigit 75,000 mamamayan ang nagtipun-tipon sa isang tinaguriang *interfaith rally* sa Makati City nitong Pebrero 29. Ito na ang

pinakamalaking naitalang bilang ng mga demonstrador na naggigiit ng pagbibitiw o pagpapatalsik kay Gloria Arroyo mula 2005. Nagbuklod sa raling ito ang iba't ibang grupong relihiyoso, mga eskwelahan, progresibong organisasyon, pulitiko, empleyado, negosyante at iba't ibang mga sektor.

Nanguna sa raling ito ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at mga organisasyong kabilang dito, ang Watch, Pray and Act Movement sa pangunguna ng Association of Major Religous Superiors of the Philippines, United Opposition, Jesus is Lord Movement, Makati Business Club at iba pang samahan ng mga negosyante, Black and White Movement, Catholic Educators Association of the Philippines at iba pa.

Tampok ang naging paglahok sa rali ng mga personalidad tulad nina dating presidente Corazon Aquino at Joseph Estrada, dating bise-pre-

sidente Teofisto Guingona at ilang senador, dating upisyal ng gubyerno at malalaking negosyante tulad ni Manuel Pangilinan ng PLDT.

Magkahiwalay na binati ng Partido Komunista ng

TANEANG MAKABAYAK

Pilipinas at ni Kasamang Jose Maria Sison, tagapangulo ng International League of Peoples' Struggles, ang matagumpay na kilos protesta. Ayon kay Sison, maaaring bumulwak ang panibagong *people power* kung umabot sa 100,000-500,000 mamamayan ang magtitipon upang patalsikin na si Arroyo.

Matagumpay na nakapagtipon ang ilampung libo sa Makati sa kabila ng pagharang ng mga pwersa ng pulis at militar. Pinutakti ng mga tsekpoynt ang mga daan papasok ng Metro Manila upang hadlangan ang mga raliyista mula sa Southern Tagalog at Central Luzon.

Pinigilang tumawid ang mga raliyista mula sa Southern Tagalog na lulan ng 11 dyip na pinatigil sa San Cristobal, Calamba at sa Cabuyao, Laguna. Bukod pa ito sa mga myembro ng Kilusang Mayo Uno na hinarang sa San Pedro, Laguna. Daan-daang estudyante mula sa Dela Salle University-Dasmariñas ang hindi rin nakalusot sa Cavite.

Sa Quezon City, hinarang ang mga mag-aaral at guro ng University of the Philippines-Diliman habang nagmamartsa patungo sa Makati.

Dalawang kasapi naman ng Workers' Assistance Center sa Rosario, Cavite ang dinala sa himpilan ng pulisya dahil sa paglulunsad ng kilos-protesta.

#### Protesta sa buong bansa

Matatagumpay na pagkilos din ang inilunsad sa iba't ibang lunsod. Sa Dagupan City, Pangasinan, tinatayang 5,000 estudyante, lider ng simbahan at residente, at

myembro ng IBP ang dumalo sa misa sa St. John the Evangelist Cathedral na itinuloy sa martsa upang manawagan ng pagbibitiw ni Arroyo sa

pwesto.

Sa Pampanga, pinangunahan ni Gov. Ed Panlilio at Bishop Roberto Mallari ang "lakad ng pagkakaisa para sa katotohanan" na dinaluhan ng may 500 estudyante. May rali ring ginanap sa Subic, Zambales na nilahukan ng 1,000 residente at sa Baguio City na dinaluhan ng mga estudyante.

Naglunsad rin ng iba't ibang kilos-protesta sa iba't ibang syudad ng Bicol. Sa Naga City, mahigit 2,000 ang nagkapit-bisig sa isang "human chain" sa kahabaan ng syudad at naglunsad ng isang noise barrage. Sa Sorsogon City, nagrali ang 1,000 katao sa pangunguna ng Bayan at ng grupong simbahan. Nagkaroon din ng pagkilos sa Legazpi City; Daet, Camarines Norte; at Masbate City.

Sa San Pablo City, Laguna, umabot sa 1,000 mamamayan ang nakiisa sa isang *prayer vigil*.

Sa Kabisayaan, umabot sa 3,000 mula sa iba't ibang sektor ang nakiisa sa rali sa Bacolod City. Sa Iloilo City, tinatayang 1,000 ang nagmartsa sa tinawag na "Walk for Truth and Justice." Lumahok dito si Archbishop Angel Lagdameo, presidente ng Catholic Bishops Conference of the Philippines. Limandaang estudyante at aktibista naman

ang nagrali sa Cebu City. Isang porum naman ang inilunsad ng mga estudyante sa Unibersidad ng Pilipinas, Tacloban City.

Sa Mindanao, dumalo ang 700 katao sa rali sa Caqayan de Oro City, kasama ang Kamatuoran! (Katotohanan), isang malawak na alyansang kontra-Arroyo. Walong daan naman ang nagtipon sa Davao City at 400 sa Iligan City. Tatlong daang estudyante mula sa Mindanao State University sa General Santos and nag-walk out upang ipakita ang disgusto nila sa rehimen. Sa Cotabato City, umabot sa 200 katao ang sabay-sabay na nagtirik ng kandila bilang protesta. Sa unang pagkakataon, nagsagawa ng noise barrage ang mga aktibista sa Digos City, Davao del Sur.

#### Protesta sa ibang bansa

Naglunsad rin ng mga kilos protesta ang mga migranteng Pilipino sa iba't ibang bahagi ng mundo. Bahagi nito ang pagpapatupad ng No Remittance Day bilang pampresyur sa bangkrap na rehimeng Arroyo na sumasalig sa bilyun-bilyong dolyar na ipinapadala nila.

Sa Hongkong, pinamunuan ng

REHIMENG ARROY

UNIFIL-Migrante ang isang rali noong Pebrero 29. Nagpiket naman ang mga Pilipino sa mga embahada at konsulada ng Pilipinas sa San Francisco at Los Angeles, California; Seattle; at New York City.

Nagtipun-tipon sa mga kilos protesta ang mga migrante sa Ottawa, Winnipeg at Vancouver sa Canada. Sa Europe, nagkaroon ng pagkilos sa Italy.

Sa Middle East, idineklara ng mga migrante na Day of Action ang Pebrero 29. Sa Sydney, Australia, inilunsad ng mga migranteng Pilipino ang "Babay Gloria" (Bagong Bayani, Ayaw kay Gloria).

Samantala, 61 dating myembro ng gabinete mula sa rehimeng Aquino, Ramos at Estrada, kasama ang mga nagbitiw nang myembro ng gabinete ni Arroyo ang nananawagan para sa resignasyon ng mga myembro ng gabinete na sangkot sa mga anomalya hinggil sa proyektong NBN-ZTE. Binigyan nila ang rehimeng Arroyo ng isang linggo para magpatupad ng mga reporma laban sa korapsyon at katiwalian. Kung magmamatigas si Arroyo, mananawagan na rin sila para sa kanyang pagpapatalsik.

## Nagkukumahog si Arroyo na isalba ang sarili

abis-labis ang pagkukumahog ni Gloria Arroyo na isalba ang sarili sa kumunoy na kinalalagyan niya ngayon. Sa kanyang desperasyon, lalo lamang nabubunyag ang kanyang mga kasinungalingan at lalo lamang tumitingkad ang pagkakahiwalay niya sa mamamayan.

Palabas dito, palabas doon. Habang lumalawak ang kilusan sa pagpapatalsik kay Arroyo, pilit namang ibinabandera ni Arroyo ang kakarampot niyang mga tagasuporta. Kabilang dito ang mga myembro ng kanyang gabinete, mga bayarang gubernador, kongresista at mga meyor at mga upisyal ng militar at pulisya. Lahat sila ay nakikinabang sa anda-andanang korapsyon ng rehimen.

Ilang "solidarity walk" na ang isinagawa ni Ar-

royo at kanyang mga alipures, kabilang ang ginawa sa Malacañang Pebrero 19. noonq Noong Pebrero 25, ika-22 anibersayo ng EDSA 1, nagmartsa ang lahat ng mahagilap nilang upisyal ng militar at pulisya kasama sina AFP Chief-of-Staff Gen. Hermogenes Esperon at Philippine National Police (PNP) Director General Avelino Razon Jr. mula

sa People Power Monu-

ment hanggang sa Camp Aguinaldo sa EDSA upang ipakita ang kanila umanong pagtalima sa *chain of command*.

Para naman kontrahin ang mga raling anti-Arroyo na nilalahukan ng papalaking bilang ng mamamayan, binayaran ng kampo ni Arroyo ang ilang mga konsehong pambarangay para magpalabas ng raling maka-Arroyo. Noong Pebrero 28-29, kasabay ng malaking pagkilos sa Makati ay may kakarampot na peke at binayarang mga tagasuporta ni Arroyo na nagrali sa Welcome Rotonda.

Bilang pampalubag-loob sa mga binibisita niyang komunidad, "nagkakawanggawa" si Arroyo. Nagpamudmod siya ng mga delata at Philhealth *cards* sa Caloocan City noong Pebrero 22. Gayundin ang ginawa niya sa Sta. Rita, Bulacan noong Pebrero 29.

Pekeng testigo at dagdag na mga kasinungalingan. Samutsaring kwento at paninirang-puri ang inilabas ni Arroyo upang dungisan ang kredibilidad ni Rodolfo Noel "Jun" Lozada Jr. Kabilang dito ang paglitaw ni Erwin Santos, dating tauhan ni Lozada sa Philippine Forest Corporation (Philforest). May paiyak-iyak pa si Santos habang inaakusahan niya si Lozada ng mga katiwalian sa Philforest. Pinaqtawanan ng marami ang testimonya ni Santos dahil halatanghalata na Malacañang ang gumawa ng kanyang iskrip. Walang naloko si Santos. Ni hindi siya inimbitahang tumestigo sa Senado dahil sa di kapani-paniwala niyang testimonya.

Noong Pebrero 12, nireyd ng National Bureau of Investigation ang upisina ni Lozada sa Philforest sa Taguig City upang magpalitaw ng ebidensya at maglubid ng kasinungalingan mula sa makukuhang mga papeles sa kanyang upisina.

Sa pag-aakalang makapagbibigay ng linaw hinggil sa isyu ng proyektong NBN, nagpa-interbyu sa dzRH si Arroyo noong Pebrero 23. Pero lalo lamang siyang nadiin nang sabihin niyang sinang-ayunan niya ang proyekto kahit batid niyang may "anomalya" ang kontrata. Nalaman umano niya ang "anomalya" isang gabi bago ang pagpirma sa kontrata kaya alanganin nang kanselahin ang proyekto. Kinabukasan, nabatid ng rehimen na nakasama pa ang ginawang paq-amin ni Arroyo sa radyo at pilit itong itinanggi ng kanyang mga tagapagsalita para mabawi ito.

Itim na propaganda. Nagpapalaganap ng itim na propaganda ang rehimen upang maliitin ang mga protesta. Nariyang sabihin nitong sa Metro Manila lamang ang mga protesta kahit laganap at malalaki ang mga pagkilos sa mga prubinsya at sa labas ng bansa.

Pilit na pilit nilang pinalalabas na matindi ang tunggalian sa loob ng kilusang pagpapatalsik gayong mas matimbang ang pagkakaisa sa loob nito laban kay Arroyo.

Tuluy-tuloy din ang paglulubid nila ng bulaang kwento na manggugulo raw sa rali ang Bagong Hukbong Bayan o ang bandidong grupong Abu Sayyaf gayong malinaw sa presensya ng bata-batalyong militar at pulis na handa silang maghasik ng gulo anumang oras na manganib sa pwesto si Arroyo.

Panginginig sa takot, paghahasik ng takot. Takot na takot si Arroyo sa bawat testigo laban sa kanya kaya tinatapatan niya ito ng panghaharas at panunupil.

Pinalawak at hinigpitan din ang pagmamanman sa mga tumutuligsa sa rehimen. Pinalagyan nito ng surveillance camera ang tapat ng La Salle kung saan nagkakanlong ngayon si Lozada at kanyang pamilya. Noong Pebrero 28, nanakot ang Malacañang sa mga estudyante ng Polytechnic University of the Philippines na

may bombang sasabog dito sa araw ng pagsasalita ni Lozada sa isang porum doon. Hindi pa rin nito napigilan ang mga estudyante na sama-samang magpakita ng suporta kay Lozada at magpahayag ng galit sa rehimen.

Sobra-sobra ang pagdedeploy nito ng militar at pulisya sa bawat rali, laluna noong Pebrero 29. Inilabas din ang kautusang no fly zone ang Makati noong araw na iyon upang hindi makunan ng bidyo o litrato ang aktwal na laki ng dumalo sa rali. Hinarang din ang mga komboy ng mga raliyista mula sa mga prubinsya.

Sa araw ng malaking rali, nangangatog na nagkulong si Arroyo sa Camp Crame sa loob ng tatlong oras at mahigpit na minamanmanan ang matataas na upisyal ng militar at pulisya, kasama ang kanyang gabinete. Umalis lamang sa Crame si Arroyo nang mag-uwian na ang mga raliyista.

Noong Marso 4, pinaaresto niya ang siyam na aktibistang nagrali sa gitna ng kanyang palabas sa Laguna.

Nitong gabi ng Marso 6, marahas na binuwag ang hanay ng mahigit 1,000 mga manggagawa mula sa Southern Tagalog na nagrarali sa tapat ng upisina ng DOLE sa Intramuros, Maynila. Tatlong raliyista ang inaresto, 13 ang nasugatan at anim ang hindi matagpuan matapos ang madugong dispersal.

Lumalalang krisis. Samantala, ang lumalaking presensya ng militar sa Metro Manila ay palatandaan ng matindi nang paglala ng krisis sa Pilipinas, ayon sa International Crisis Group (ICG), isang organisasyong nagsusuri sa namumuong mga krisis sa mundo. Isinasangkalan ng rehimen ang umano'y mga pakanang asasinasyon para imilitarisa ang pambansang kabisera. Ang totoo'y bunga ito ng pag-igting ng mga protestang anti-Arroyo sa National Capital Region.

## Suhulan sa ZTE, lalong nalalantad

abang tumatagal ang imbestigasyon hinggil sa maanomalyang proyektong NBN-ZTE, lalong lumilitaw ang tuwirang pagkakasangkot ng mag-asawang Gloria at Mike Arroyo dito.

Nitong Pebrero 26, lumitaw ang bagong testigong si Dante Madriaga, dating konsultant ng ZTE. Ayon kay Madriaga, mismong ang mga Pilipinong kasosyo ng ZTE sa pamumuno ni dating COMELEC *chairman* Benjamin Abalos, ang tumatanggap ng mga suhol mula sa ZTE at dinadaluyan ng kikbak papunta sa mag-asawang Arroyo. Kabilang sa grupong ito si Leo San Miguel, ang kumuha kay Madriaga para sa provekto.

Ibinahagi umano ni San Miguel kay Madriaga na ang suhol sa mga upisyal ng gubyerno ay ibinigay nang tatlong hulog. Ang una, aniya, ay \$1 milyong ibinigay noon pang Agosto 2006 nang simulan ang pagsasaayos ng proyekto. Ang ikalawa ay \$10 milyon na ibinigay matapos maaprubahan ng NEDA ang kontrata noong Marso 2007. Kalahati umano nito ay napunta sa mag-asawang Arroyo. Ang ikatlo ay \$30 milyon na ibinigay matapos

saksihan ni Gloria Arroyo ang pirmahan ng kontrata sa Boao, China noong Abril 2007.

Ang halagang ito ay ginamit na panggastos at pansuhol ng rehimeng Arroyo noong eleksyong 2007.

Dahil sa patung-patong nang mga kikbak, lumobo nang lumobo ang halaga ng kontrata mula \$50 milyon tungong \$329 milyon, kung saan mahigit \$170 milyon ang nakalaan sa mga suhol.

Isiniwalat din ni

Madriaga ang pagpapel dito ni Mike Defensor, dating *chief of staff* ng Malacañang, para umano tiyakin ang interes ng mag-asawang Arroyo sa mga transaksyon ng proyektong NBN-ZTE.

Inaasahang lalo pang pagtitibayin ang testimonya ni Madriaga sa nakatakdang paglitaw ng isa pang testigo na ayon kay Sen. Panfilo Lacson ay may "tuwirang impormasyon hinggil sa pagtanggap ng salapi mula sa ZTE."

Samantala, tinanggihan ng Senado ang panukala ng Korte Suprema hinggil sa pagharap ni dating NEDA Chairman Romulo Neri sa mga pagdinig ng Senado. Si Neri, isa sa mga nagsiwalat ng pagkakasangkot ni Jose Miguel "Mike" Arroyo sa maanomalyang kontratang NBN-ZTE, ay pansamantalang hindi humarap sa Senado habang dinidinig ng Korte Suprema ang petisyon niya hinggil sa nararapat na saklaw ng *executive privilege*. Alinsunod sa

pribilehiyong ito, hindi maaaring ibahagi ng sinumang upisyal ng gubyerno ang anumang paguusap nila ng presidente.

Ayon sa mungkahing kasunduan ng Korte nitong Marso 4, habang obligadong dumalo si Neri sa mga pagdinig ng Senado para magtestigo tungkol sa lahat ng nalalaman niya hinggil sa korapsyon at suhulan sa kontatratang NBN-ZTE, iiwasan naman ng mga senador na magtanong sa kanya tungkol sa mga sumusunod: Kung inungkat pa ba ng presidente ang kontrata, kung iniutos ba ni Arroyo na gawing prayoridad ng NEDA ang kontrata sa ZTE at kung iniutos ba ni Arroyo ang pag-apruba sa proyekto kahit iniulat na sa kanya ang tangkang panunuhol kay Neri kaugnay

Hindi ito sinang-ayunan ng mga senador at iginigiit nila at ng mga eksperto sa batas na hindi maaring gamitin ang gayong pribilehiyo upang pagtakpan ang isang krimen, at hindi rin nararapat na limitahan ang saklaw ng mga maaaring itanong sa testigo.

Samantala, dahil sa tindi ng mga batikos av ipinahavag ng Malacañang na hindi na umano umiiral ang Executive Order 464 na nagbabawal sa mga upisyal ng gubyerno na dumalo sa mga imbestigasyon ng Kongreso at Senado nang walang permiso mula sa presidente. Napilitan na rin si Arroyo na bawiin ang Memorandum Order 108 na naglalaman ng iligal na mga probisyon na ipinabasura ng Korte Suprema noong 2007. Sa ilalim ng MO 108, naqpataw ng mga restriksyon ang Malacañang sa mga maaaring paksain ng mga dadaluhang imbestigasyon ng mga myembro ng ehekutibo. Sa kabila ng mga pagbawi na ito, patuloy pa rin ang pag-iwas ng rehimen sa mga pagdinig at pagpapadalo sa mga imbestigasyon ang mga upisyal ng gubyerno at kabikabila pa rin ang mga kasinungalingan nito.



## Militar, inambus sa Samar at Davao, detatsment ng PNP, nireyd sa Negros

uluy-tuloy ang paglulunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng mga aksyong militar nitong huling bahagi ng Pebrero at unang bahagi ng Marso laban sa mga armadong galamay ng reaksyunaryong estado.

Marso 3. Tinambangan ng isang yunit ng BHB ang isang platun ng 46th IB sa Barangay Pange, Motiong, Samar. Apat na sundalo ang napatay at tatlo ang nasugatan, kabilang si 2Lt. Leonard Orbase na kumander ng yunit. Papunta ang naturang yunit ng AFP sa katabing baryo para rumesponde sa pagsalakay ng BHB sa isang bahay ng pulis doon.

Marso 2. Sinalakay ng mga pwersa ng Pulang Diwata Command ang detatsment ng CAFGU sa ilalim ng 23rd IB sa Hinapuyan, Carmen, Surigao del Sur. Napatay sa reyd si Cpl. Jaire Jajuri na tumatayong kumander ng yunit ng CAFGU dito.

Marso 1. Inambus ng mga gerilya ang isang yunit ng militar sa Sityo Havana,

lo ang napatay at anim na iba pa ang nasugatan.

Naganap ang pananambang isang araw makaraang magbigay ng seguridad ang tropa sa seremonya kung saan nanumpa ng katapatan sa gubyerno ang umano'y 300 rebel returnee ng Catigan. Pabalik ang mga sundalo sa kanilang detatsment sa Barangay Bacatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma.

Pebrero 29. Nireyd ng limang Pulang mandirigma ang detatsment ng Philippine National Police (PNP) at dinisarmahan ang dalawang kasapi ng Special Civilian Armed Auxillary (SCAA) sa baybaying barangay ng Vito, Sagay City sa Negros Occidental. Kaaalis lamang ng dalawang pulis upang maghapunan



Police Assistance Center (COMPAC) ng mga kasapi ng Roselyn Jean Pelle Command (RJPC) ng BHB-Negros.

Ayon kay Ka Esther Estrella, tagapagsalita ng RJPC, nasamsam sa COMPAC ang dalawang M14, dalawang kal. .38 pistola, mga cellphone, magasin at bala at iba pang gamit militar. Makaraan ang 10 minuto, naglaho na parang bula ang mga Pulang mandirigma sa makapal na taumbaryo. Nag-iwan sila ng mga polyetong kumukundena sa kasalukuyang rehimen.

Pebrero 27. Isang armalayt at isang kal. .22 na rebolber ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa bahay ng isang lider ng CAFGU sa Barangay San Francisco, Panabo City, Davao del Norte. Wala sa kanyang bahay ang lider ng paramilitar nang salakayin ito ng mga Pulang gerilya.

Pebrero 26. Napatay ang isang elemento ng CAFGU nang tambangan ng mga mandirigma sa ilalim ng Nonito Aguirre Command ng BHB-Eastern Panay ang kanyang sinasakyang dyip sa Barangay Putian, Cuartero. Kasapi ng 6th CAFGU Company na nakatalaga sa Maayon, Capiz ang naturang elemento. Binigyang-babala naman ng mga mandirigma ang kasama niyang kapatid na elemento rin ng CAFGU.

Pebrero 21. Dinisarmahan ng 20 pwersang gerilya ang isang yunit ng Civilian Volunteers' Organization (CVO) sa Barangay Poblacion, Montevista, Compostela Valley. Ayon sa panimulang ulat, nakumpiska ang lahat ng baril ng mga paramilitar kabilang ang isang rebolber na kalibre .357,

pistolang kalibre .45, isang shotgun at isang handheld radio.

Sa araw ding ito, dalawang sundalo ng AFP ang napatay at walo ang nasugatan sa dalawang magkahiwalay na pakikipagsagupa ng BHB at elemento ng Philippine Army sa mga bayan ng San Jose at Magsaysay, Mindoro Occidental noong ikatlong linggo ng Pebrero.

Pebrero 20. Inambus at napatay ng isang yunit isparo ng Celso Minguez Command ng BHB-Sorsogon sa Zone 1, Bulan, Sorsogon si Jamil Borras Jaimalin, isang ahente ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP). Responsable si Borras sa pagpaslang kina Rei Mon Guran, isang lider-estudyante at Manny

## Misengkwentro ng mga yunit ng AFP sa Bikol

ANIM na sundalo ang namatay at dalawa ang nasugatan sa miseng-kwentrong naganap sa pagitan ng 8th Scout Ranger Company at 3rd Scout Ranger Battalion sa Irosin, Sorsogon nitong Pebrero 25.

Para pagtakpan ang madugong misengkwentro, pinalabas ng AFP na isang labanan sa pagitan ng AFP at ng BHB ang naganap. Pinalalabas ng AFP na dalawang mandirigma ng BHB ang napatay at dalawang M16 ang nasamsam.

Ayon sa Celso Minguez Command ng BHB-Sorsogon, papunta pa lamang sa *ambush site* ang isang tim ng mga isnayper ng BHB nang magkaroon na ng putukan. Tatlo kaagad ang tinamaan sa mga sundalo.

Maagap na nakaiwas ang mga isnayper nang bumugso ang ikalawang serye ng putukan sa pagitan ng dalawang yunit ng militar. Matapos ang sagupaan, patago na lamang na hinakot ng mga sundalo ang kanilang mga kaswalti.

Botolan, isang drayber ng traysikel sa Bulan. Tagapagtatag din siya ng Barangay Intelligence Network sa loob at labas ng Bulan.

**Pebrero 19.** Nag-ooperasyon ang mga elemento ng 23rd Division Reconnaissance Company ng Philippine Army sa Sityo Bantulaw, Barangay Paclolo, Magsaysay, Occidental Mindoro noong Pebrero 19 nang tambangan sila ng mga pwersang gerilya ng BHB. Kinabukasan, Pebrero 20, napatay ang isang elemento ng Charlie Company ng 80th

IB sa pakikipagsagupa sa mga pwersang gerilya sa Sityo Quintal, Barangay Murtha, San Jose sa parehong prubinsya.

Pebrero 17. Dinisarmahan ng mga pwersa ng Alejandro Lanaja Command ng Southern Mindanao Region ang isa pang yunit ng CAFGU sa Barangay Kibaguba, Laak, Davao del Norte. Nasamsam ng mga mandirigma ang dalawang shotgun, dalawang Garand at isang M203 grenade launcher. Hindi nakapanlaban ang mga nasorpresang paramilitar.

## Kaso ng masaker sa Sulu, isasampa sa UN

Tsasampa ng Suara Bangsamoro o Suara at ng Moro Islamic Liberation Front sa United Nations Human Rights Council ang karumal-dumal na masaker ng mga elemento ng Special Warfare Group ng Philippine Navy at Light Reaction Company ng Philippine Army sa walong sibilyan sa Ipil, Maimbung,

Sulu noong madaling araw ng Pebrero 4. Ito'y matapos absweltuhin ng AFP ang mga sundalong responsable sa masaker.

Ayon kay Amira Lidasan, pambansang pangulo ng Suara, hindi kapani-paniwala ang resulta ng imbestigasyon ng AFP na nagsasaad na may nangyaring labanan sa pagitan ng militar at mga elemento ng Abu Sayyaf. Wala pa mang imbestigasyon ay idineklara na dati ng AFP na pawang mga elemento o tagakanlong ng Abu Sayyaf ang mga biktima. Inulit lamang ito ng AFP nang ianunsyo nitong Pebrero 28 ng Judge Advocate General's Office ng Western Mindanao Command ang pagkaabswelto ng mga sangkot na sundalo matapos ang sariling imbestigasyong ginawa umano ng militar.

Nauna nang nag-imbestiga ang Commission on Human Rights (CHR) at sinabi nitong walang totoong labanang naganap sa Maimbung at walang kahit isang elemento ng Abu Sayyaf sa mga biktima. Ayon sa CHR, sinalakay ng mga tropa ang islang baryo ng Maimbung at pinagbabaril ang mga residente sa kabila ng kanilang pagmamakaawa at pagsasabi na mga sibilyan sila.

Ang dalawang sundalong namatay at limang nasugatan sa insidente ay resulta ng *misencounter* sa hanay ng mga elemento ng AFP, anang CHR.

Inulan ng matinding batikos ang makaisang panig na imbestigasyon ng AFP. Dahil dito, napilitan si Lt. Gen. Nelson Allaga, hepe ng Western Mindanao Command, na sabihin nitong Marso 2 na panimula pa lamang ang resulta ng kanilang imbestigasyon at hindi pa lubos na pinawawalang-sala ang mga sangkot na sundalo.



#### Jonas Burgos, nasa Order of Battle ng AFP

INILABAS kamakailan ni Editha Burgos, ina ng nawawalang aktibistang si Jonas Burgos ang isang sikretong ulat ng AFP na nagsasaad na nasa Order of Battle (OB) ng AFP si Jonas kaya ito dinukot.

Ayon kay Ginang Burgos, may nagbigay sa kanya ng impormasyon mula sa mga hindi nagpakilalang sundalo ng 56th IB ng Philippine Army na nakabase sa Norzagaray, Bulacan na si Jonas ay pinaghihinalaang pinuno ng Intelligence De-

partment ng Bagong Hukbong Bayan sa prubinsya ng Bulacan at nagtatago sa pangalang Ka Raymond, Ka Ramon o Ka Simon.

Nasa OB din siya umano ng AFP noon pa mang Marso 17, 2007. Sinabi rin sa ulat ng 56th IB na mga militar ang dumukot sa kanya sa Ever Gotesco sa Quezon City noong Abril at sumailalim si Jonas sa tactical investigation at nailagay sa ulat na neutralized o pinatay na.

Idinadawit din umano ang asa-

wa ni Jonas na si Marian. Ang kanyang pinsan ay nakaranas ng panggigipit mula sa mga nagpakilalang myembro ng Commission on Human Rights upang alamin kung nasaan ang asawa at anak ni Jonas.

Inilantad ito ni Ginang Burgos sa Court of Appeals sa patuloy na pagdinig ng isinampang petisyon para sa writ of amparo ng pamilya Burgos sa korte. Tumungo rin sa US si Ginang Burgos upang dalhin ang kampanya para kay Jonas doon.

## Mga proyekto ng pamahalaan, pinaiimbestigahan

PINAIIMBESTIGAHAN ng Bayan Muna ang mga proyekto ng gubyerno na pinopondohan ng mga panlabas na utang. Iginiit ni Rep. Teddy Casiño na dapat repasuhin ng Kongreso sa pangunguna ng Congressional Oversight Committee on Foreign-Funded Projects ang mga proyektong pinopondohan ng Overseas Development Assistance o ODA para alamin kung anong mga anomalya ang bumabalot sa mga ito. Ito'y matapos kara-karakang kanselahin ng rehimeng Arroyo ang 11 proyektong nasa gayong kategorya.

Ang mga nasabing proyekto ay ang Angat Water Utilization and Aqueduct Improvement Project Phase 2 sa Metro Manila na halagang \$\mathbb{P}5.75 bilyon; Bataan Manila Pipeline Project, \$7.2 bilyon; LRT line 2 Phase 2 Extension (Santolan hanggang Masinag, Antipolo), ₱10.33 bilyon; LRT line 1 North Extension, ₱5.98 bilyon; Cyber-education Project, ₱26.48 bilyon; Mainline Southrail Project Phase 1A, ₱15.30 bilyon; LRT 1 line 1 South Extension (Pasay hangqanq Bacoor, Cavite) P15.3 bilyon; New Communications, Navigation, Surveillance and Air Traffic Management Systems Development Project in North Luzon, P2.64 bilyon; Regionalization of Mental Health Services in Luzon Urban Beltway, ₱1.32 bilyon; Redevelopment of Tacloban Airport Development Project Phase II, \$\frac{1}{2}\$ 1.12 bilyon; at maging ang konstruksyon ng mga silid-aralan sa mga paaralang elementarya at hayskul, na nagkakahalaga ng P45.67 milyon. Ang lahat ng mga ito ay nagkakahalaqa nq P104 bilyon.

#### Napipintong krisis sa pagkain

LALONG magiging talamak ang kagutuman sa Pilipinas at maraming iba pang maralitang bansa sa napipintong pagputok ng matinding krisis sa pagkain ngayong taon.

Ayon sa mga ekonomista, isa sa mga salik sa pagsirit ng presyo ng maraming batayang pagkain ang pagkauso ng biofuels o mga panggatong na nagmumula sa mga pananim. Ang mais, halimbawa, na ginagamit sa manupaktura ng ethanol ay nagtamo ng 88% pagtaas sa presyo sa pandaigdigang pamilihan—bagay na nakapagpapataas din sa presyo ng karneng baboy at manok. Ang mais ay isa sa mga pangunaning sangkap ng pinakakain sa mga alagang hayop.

Kabilang pa rin sa iba pang pagkaing sumirit ang presyo sa pandaigdigang pamilihan ang langis ng niyog (96%), bigas (54%), soybean (85%) at trigo (148%). Dahil dito, maaasahan ang matarik na pagtaas ng presyo ng mga pagkaing gumagamit ng trigo at mantika (tulad ng tinapay). Maaaring maramdaman na ang epekto ng krisis sa Pilipinas ngayong Marso.

Dagdag pang salik ang paglobo ng presyo ng krudong langis tungong \$103 bawat bariles, pinakamataas na presyong naitala nito sa nakaraang 30 taon.

Ang pagsirit ng mga presyo ng pagkain ay tiyak na magpapalala pa sa abang kalagayan ng nakararaming naghihikahos sa Pilipinas. Ayon sa mga estadistika ng National Statistical Coordination Board, tumaas mula 24.4% noong 2003 tungong 26.9% noong 2006 ang porsyento ng mga naghihirap sa Pilipinas. Pero kung tutuusin, umaabot sa 80% ng mamamayang Pilipino ang maituturing na naghihirap dahil sa laganap na kawalan ng trabaho at nakapakong pasahod.



### Pilipina, ginahasa ng sundalong Amerikano sa Japan

ISANG migranteng manggagawang Pilipina ang ginahasa ng isang sundalong Amerikano sa Okinawa, Japan noong Pebrero 18. Nagsampa ng kaso ang ginahasang Pilipina laban sa sundalong Amerikano at ngayo'y nasa proteksyon siya ng pulisya ng Okinawa.

Ang balita hinggil sa panggagahasa ay muling nagpaalab sa galit ng mga Pilipino. Sunud-sunod na protesta ang inilunsad ng mga grupong kababaihan, sa pangunguna ng Gabriela, sa harap ng embahada ng US upang tuligsain ang panggagahasa at igiit ang pagwawakas ng presensya ng militar ng US sa Pilipinas at ibang bansa sa Asia. Kinundena rin ng mga ito ang kawalang-aksyon ng rehimeng Ar-

royo sa kaso. Kung hindi masusing masusubaybayan, tiyak na pagtatakpan lamang ng papet na rehimen ang mga krimen ng salarin, tulad ng tinangka nitong gawin sa kaso ng ginahasang Pilipina sa Subic noong 2006.

Kasabay nito, ipinasa ng 52 babaeng kongresista ang isang resolusyon para suportahan ang biktima sa pagsasampa ng kaso laban sa sundalong Amerikano. Anila, dapat bigyan ng gubyernong Arroyo ng tulong ligal at pinansyal ang biktima hanggang matapos ang kaso. Iginiit din nilang gumawa ng protestang diplomatiko laban sa US.

Matindi ang galit ng mga Hapones sa presensya ng baseng militar

ng US at malaking bilang ng mga sundalong Amerikano sa Japan. Ang panggagahasa sa Pilipina sa Okinawa ay nangyari ilang araw matapos pumutok ang kaso ng panggagahasa ng isa pang sundalong Amerikano sa 14-anyos na estudyanteng Haponesa. Sa tindi ng qalit nq mamamayan doon, naqpataw ang lokal na gubyerno sa Okinawa ng curfew at restriksyon sa mga sundalong Amerikano sa lugar. Naglagay din sila ng mga surveillance camera sa mga gate ng base upang imonitor ang galaw ng mga sundalo. Matagal na nilang pinalalayas ang mga ito dahil sa sunudsunod na mga kaso ng paglabag ng karapatang-tao at pagyurak sa soberanya ng Japan.

#### Tunay na gastos sa gera sa Iraq: \$3 trilyon

UMABOT na sa \$3 trilyon ang nagagastos ng US sa limang taon nitong pananakop sa Iraq o sampung ulit kumpara sa upisyal na mga ulat, ayon sa isang pag-aaral na ginawa ni Joseph Stiglitz, dating *chief economist* ng World Bank.

Ani Stiglitz, lumobo ang gastos dahil sa malalaking kontratang nagkakahalaga ng \$193 milyon na nakopo ng kumpanyang Haliburton na malapit kay Bise Presidente Dick Cheney; ang napakalaking sweldo ng mga kinontratang pribapwersang panseguridad (\$400,000/taon) kumpara sa sweldo ng mga sundalo (\$40,000/taon); kontratang sobra ang bayad qaya ng pagpipintura na kayang gawin ng mga Iragi sa halagang \$5 milyon subalit umabot sa \$25 milyon dahil kinontrata ito ng isang kumpanyang US. Malaki rin ang gastos sa pagpapagamot, pagaalaga at pagpapalibing sa mga kaswalti na hindi ibinibilang sa badyet ng militar at inilalagay sa mga departamento gaya ng Department of Health.

Mas malaki pa ito kung isasama ang gastos sa pagsirit ng presyo ng langis. Limang taon pagkatapos ng pananakop, hindi pa rin mapakinabangan ng US ang langis ng Iraq. Hindi pa kasali sa kwenta ang gastos sa pag-aruga sa mga internal at eksternal na bakwit ng Iraq; gastos sa pagpapagamot ng mga kaswalting Iraqi; at ang matagalang rehabilitasyon ng mga kaswalting Amerikano at Iraqi dulot ng pambobomba.

Kinailangang umutang ang US sa ibang bansa para pondohan ang teroristang gera laban sa Iraq. Umaabot na ito sa \$1 trilyon na kalakhan ay inutang sa China.

Samantala, ayon naman sa isang pag-aaral ng isang ekonomista ng UK Defence Department, umabot sa limang bilyong euro (\$7.5 bilyon) ang upisyal na nagastos ng UK sa gera hanggang 2006 at tinatayang nadagdagan pa ito ng \$1 bilyon noong nakaraang taon.

## Raul Castro, bagong presidente ng Cuba

NAHALAL bilang bagong presidente ng Cuba si Raul Castro noong Pebrero 25. Inihalal si Raul Castro ng National Assembly ng Cuba pagkatapos pormal na magbitiw bilang pangulo si Fidel Castro. Mula nang magkasakit si Fidel noong 2005, si Raul na ang humalili bilang presidente ng Cuba kasabay ng pagiging hepe ng Armed Forces ng Cuba. Si Raul Castro, na nakababatang kapatid ni Fidel, ay isa ring beterano ng rebolusyon ng Cuba.



Taon XXXIX Blg. 5 Marso 7, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Paglagablabin ang pakikibakang bayan para patalsikin ang rehimeng Arroyo

Sukdulan na ang galit at pagtatakwil ng mamamayang Pilipino sa rehimeng US-Arroyo. Punungpuno na sila't nagngingitngit sa patung-patong nang mga kaso ng korapsyon at pagsisinungaling ng

rehimeng Arroyo at sa labis na pagpapahirap at pang-aapi nito sa kanila.

Bumibilis ang kumpas at paglawak ng kilusang protesta sa buong bansa. Simula sa mga papalaking rali na inilunsad sa Makati nitong Pebrero 15 at 29, araw-araw na lumalawak sa pambansang kabisera at sa iba't ibang bahagi ng bansa ang pagbubuhos ng kolektibong galit ng mamamayan. Ang mga iyo'y tanda ng mariing pagtatakwil ng sambayanang Pilipino sa rehimeng US-Arroyo at kahandaan nilang bagtasin ang landas ng militanteng pagkilos para wakasan ang kinamumuhian nilang rehimen.

Habang bumubulwak ang kilusang protesta sa buong bansa, dumarami pa ang lumilitaw na mga kabulukan, kasingungalingan at kalupitan ng naghaharing rehimen. Bukod sa pagkakabunyag ng anomalya sa proyektong NBN-ZTE, nalantad rin kamakailan ang antinasyunal na kasunduang pinasok ng rehimen na pagpapaubaya sa China ng eksplorasyon ng langis sa Spratlys Islands kapalit ng bilyong mga pau-

tang. Bago ito, nalantad na ang patung-patong nang kaso ng korapsyon, kabilang ang mga kinulimbat ng pamilyang Arroyo mula sa proyektong IMPSA-Caliraya, Macapagal Boulevard at marami pang iba.



Mga tampok sa isyung ito...

Bumubwelong mga protesta PAHINA 3

Nagkukumahog si Arroyo PAHINA 4 Ambus sa Samar at Davao, reyd sa Negros PAHINA 7

### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*